Tunay na kabilang sa mga tanda ng Huling Sandali na mapawi ang kaalaman, dumami ang pagkamangmang, dumami ang pangangalunya, dumami ang pag-inom ng alak, mangaunti ang mga lalaki, at dumami ang mga babae hanggang sa maging para sa limampung babae ang nag-iisang lalaking tagapagtaguyod."}

Ayon kay Anas (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Talagang magsasanaysay nga ako sa inyo ng isang sanaysay na narinig ko mula sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), na walang magsasanaysay sa inyo nito na isang iba pa sa akin. Narinig ko ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Tunay na kabilang sa mga tanda ng Huling Sandali na mapawi ang kaalaman, dumami ang pagkamangmang, dumami ang pangangalunya, dumami ang pag-inom ng alak, mangaunti ang mga lalaki, at dumami ang mga babae hanggang sa maging para sa limampung babae ang nag-iisang lalaking tagapagtaguyod."}
[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na kabilang sa mga palatandaan ng paglapit ng pagsapit ng Huling Sandali na mapawi ang kaalaman sa Batas ng Islām, na iyon ay dahil sa pagkamatay ng mga maaalam. Ang resulta niyon ay darami at lalaganap ang pagkamangmang, lalaganap ang pangangalunya at ang kahalayan, darami ang pag-inom ng alak, at mangangaunti ang bilang ng lalaki at madaragdagan ang bilang ng mga babae hanggang sa tunay na magkaroon para sa limampung babae ng iisang lalaking magtataguyod sa mga nauukol sa kanila at babalikat sa mga kapakanan nila.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/65021